

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 5

BUMOTO NG OO SA PROP. 5.

Ang Prop. 5 ay nagbibigay sa mga lokal na botante ng higit na kontrol sa pagpopondo para sa abot-kayang pabahay at mahahalagang proyektong imprastruktura kabilang ang mga kalsada, tulay, lokal na proteksyon sa sunog at mga sistema ng tubig. Nang hindi nagtataas ng buwis, inililipat ng Prop. 5 ang mga desisyon sa pampublikong patakaran at mga priyoridad sa paggastos mula sa pamahalaan ng estado, na nagbibigay sa mga lokal na botante at nagbabayad ng buwis ng mas maraming kasangkapan, mas maraming kapangyarihan, at mas malaking awtonomiya upang tugunan ang mga isyung iyon sa kanilang sariling mga komunidad.

PROP. 5: ABOT-KAYANG PABAHAY PARA SA MGA TAGA-CALIFORNIA NA MAY MABABA- AT KATAMTAMANG KITA

Mayroon tayong malaking kakulangan sa abot-kayang pabahay para sa mga taga-California na may mababa at katamtamang kita. Ang mataas na halaga ng pabahay ay kumakain ng malaking bahagi ng ating mga suweldo, at maraming pamilyang nasa gitnang uri ang napipilitang umalis sa mga komunidad kung saan sila nagtatrabaho at kung saan nag-aaral ang kanilang mga anak. Ang Prop. 5 ay nagbibigay sa mga lokal na komunidad ng mas maraming kasangkapan upang gawing mas abot-kaya ang pabahay, kabilang ang: • Pagbibigay ng mga programa para sa mga unang beses na bibili ng bahay • Pagtatayo ng mga bagong pabahay, kabilang ang abot-kayang mga bahay na ibinebenta at inuupahan, para sa mga mamamayang may mababa at katamtamang kita sa California, mga nakatatanda, mga beterano, at mga pamilyang walang tirahan; at • Pag-aayos at pagkukumpuni ng kasalukuyang abot-kayang pabahay.

PROP. 5: MGA LOKAL NA PROYEKTO NA SUMUSUPPORTA SA BAGONG PABAHAY AT LIGTAS NA KOMUNIDAD

Bilang karagdagan sa abot-kayang pabahay, ginagawang mas madali ng Prop. 5 para sa mga lokal na botante na pumili na mamuhunan sa mga pag-aayos at pagpapabuti ng kaligtasan sa mga tulay, kalsada, pampublikong transportasyon, mga sistema ng tubig, at iba pang mahalagang pampublikong imprastruktura ayon sa kanilang nakikita. Maaari ring aprubahan ng mga lokal na botante ang mga bono para sa paghahanda sa emerhensiya, kabilang ang mga lokal na istasyon ng bumbero at makina, mga ambulansya, at mga sistema ng maagang babala para sa mga natural na sakuna. Ang Prop. 5 ay nagtitiwala sa mga lokal na botante na unahin ang pinakamahalaga sa kanilang mga komunidad.

PROP. 5: LOKAL NA KONTROL. TUMAAS NA PANANAGUTAN

Ang Prop. 5 ay hindi nagtataas ng mga buwis. Binibigyan lamang nito ang mga botante ng higit na kapangyarihan upang tugunan ang mga natatanging

pangangailangan ng kanilang mga komunidad nang hindi umaasa sa estado, na hindi nakakatugon sa mga hamon na hinaharap ng karamihan sa mga pamilya sa California.

Ngunit sa mas mataas na kontrol, kalakip ang mas mataas na pananagutan, kalinawan, at pangangasiwa upang matiyak na ang mga programang ito ay tunay na naghahatid ng mga resulta. Upang mapataas ang proteksyon ng mga lokal na dolyar ng buwis, ang mga kwalipikadong panukalang bono ay may mahigpit na mga kinakailangan sa pananagutan kabilang ang:

- Isang malinaw na listahan ng mga partikular na uri ng mga proyektong popondohan.
- Ang lahat ng pondo ay dapat gastusin upang makinabang ang hurisdiksyon na nag-apruba ng mga bono, tinitiyak na makikinabang ang mga lokal na nagbabayad ng buwis.
- Mga limitasyon sa mga gastusing pampangasiwaan upang magamit ang mga mapagkukunan para sa mga proyektong ibinoto ng mga lokal na nagbabayad ng buwis.
- Ang independiyenteng pagganap at mga pagsusuri sa pananalapi ng paggasta ay dapat na ipaskil sa publiko at suriin ng Tagasuri ng Estado
- Mahigpit na pagsusuri ng magkasalungat na interes para sa mga lokal na opisyal.
- Pagbabantay ng isang independiyenteng komite ng mga mamamayan.

Sa loob ng maraming taon, alam ng mga lokal na botante kung anong mga hamon ang kinakaharap ng kanilang mga komunidad, at kung paano pinakamahusay na tugunan ang mga isyung iyon. Ang pagboto ng Oo sa Prop. 5 ay nagbibigay ng kapangyarihan sa mga lokal na botante na gumawa ng mga desisyon tungkol sa kung ano ang kailangan ng kanilang mga komunidad, at ginagawang mas madaling lutasin ang mga lokal na problemang iyon, na may kaunting pag-asa sa pamahalaan ng estado na napatunayang napakabagal at hindi kayang tugunan ang mga kritikal na pangangailangan ng ating indibidwal na komunidad.

Ang Prop. 5 ay nagtitiwala sa mga lokal na botante na alam nila ang pinakamabuti para sa kanilang mga komunidad kapag nahaharap sa kakulangan ng abot-kayang pabahay at iba pang hamon sa imprastruktura, at binibigyan sila ng mga kasangkapan upang mamuhunan sa kanilang sariling mga lokal na solusyon.

Bumoto ng Oo sa Prop. 5.

Brian K. Rice, Pangulo

Mga Propesyonal na Bumbero ng California

Christopher Carson, Pangulo

Liga ng mga Babaeng Botante ng California

Leah Miller, Tagapangulo

Tirahan para sa Sangkatauhan ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 5 ★

HINDI SA PROP. 5: KARAGDAGANG UTANG NG PAMAHALAAN AT MAS MATAAS NA BUWIS SA ARI-ARIAN

Sinasabi ng mga pulitiko na kailangan nila ang Prop. 5 upang gawing mas madali ang pagpasa ng mga bono, ngunit hindi nila sinasabi sa inyo na ang mga bono ay hindi libre. Ang mga bono ay utang. Ang isang \$20 bilyong bono ay nagkakahalaga ng \$30 bilyon upang mabayaran—at ito ay binabayaran ng mas mataas na buwis sa ari-arian.

HINDI SA PROP. 5: ISANG PANLOLOKO UPANG GAMITIN ANG MGA NAGBABAYAD NG BUWIS BILANG CREDIT CARD

Ginawa ng mga pulitiko sa Sacramento ang \$100 bilyon na surplus na isang \$73 bilyong kakulangan sa loob lamang ng dalawang taon. Ngayon, gusto nilang gamitin ang mga lokal na nagbabayad ng buwis bilang isang credit card para patuloy na gumastos. Nais nilang magbayad ka para sa abot-kayang pabahay at iba pang proyektong “imprastruktura” na may mas mataas na buwis sa ari-arian.

HINDI SA PROP. 5: MGA BUTAS SA BATAS NA HIGIT PA SA “IMPRASTRUKTURA”

Sinasabi ng mga pulitiko na ang Prop. 5 ay magtatayo ng “imprastruktura,” ngunit ang maliit na detalye ay nagpapakahulugan sa “imprastaktura” nang napakalawak na maaari nitong isama ang halos anumang nais nilang pondohan sa likod ng mga lokal na nagbabayad ng buwis.

HINDI SA PROP. 5: MAS MAAKSAYANG PAGGASTOS

Sinasabi ng mga pulitiko na kailangan ang Prop. 5 upang magtayo ng “abot-kayang” pabahay, ngunit hindi nila sinasabi sa inyo na ang kanilang bersyon ng abot-kayang pabahay ay nagkakahalaga ng hanggang \$1 milyon bawat yunit at may kasamang mamahaling mga mandato ng estado.

HINDI SA PROP. 5: MAS MATAAS NA MGA BUWIS, MAS MATAAS NA MGA RENTA, MAS MATAAS NA MGA PRESYO

Mula noong 1879, ang California ay nangangailangan ng 2/3 mayoryang pag-apruba upang aprubahan ang karamihan sa mga bono. Ang Prop. 5 ay nagpapababa ng hangganang iyon—na nangangahulugang mas maraming utang at mas mataas na mga buwis sa ari-arian para sa mga may-ari ng bahay, mas mataas na mga upa para sa mga nangungupahan, mas mataas na mga gastos para sa mga magsasaka, at mas mataas na mga presyo para sa lahat ng ating binibili at ginagamit.

Huwag magtiwala sa mga pulitiko. Bumoto ng HINDI sa Prop. 5.

Jon Coupal, Pangulo

Kapisanang Howard Jarvis ng mga Nagbabayad ng Buwis

Rev. Dwight E. Williams, Tagapangulo

Alyansa ng Nakatatanda sa California

Greg Van Dyke, Pangulo

Mga Tagapagtaguyod ng Mamimili para sa Pagiging Abot-kaya at Kaligtasan sa California

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 5 ★

HINDI SA PROP. 5: ISINULAT NG MGA PULITIKO UPANG DAGDAGAN ANG UTANG AT TAASAN ANG MGA BUWIS

Binabago ng Prop. 5 ang mga konstitusyonal na kinakailangan na umiiral na sa loob ng 145 taon sa pamamagitan ng pagpapababa ng mga kinakailangan sa pag-apruba ng botante upang maipasa ang mga bono. Pinapadali ng Prop. 5 para sa mga lungsod, county, at mga espesyal na distrito na taasan ang mga buwis sa ari-arian upang mabayaran ang ating napakalaking antas ng utang sa California. Ang pagtaas ng utang, na sinamahan ng tumataas na mga rate ng interes, ay nangangahulugang MAS MATAAS NA MGA BUWIS SA ARI-ARIAN na sa huli ay babayaran ng bawat taga-California.

HINDI SA PROP. 5: MAS LALONG HINDI MAKAKAYANG UTANG

Ang California ay nagtataglay na ng mas maraming utang kaysa sa anumang ibang estado, na may higit sa \$500 bilyon sa pang-estado at lokal na utang. Kapag ang utang na ito ay idinagdag sa kabuuang hindi napopondohang pananagutan ng estado, ito ay may kabuuang \$1.6 TRILYON. Ang Prop. 5 ay magpapatong sa mga nagbabayad ng buwis sa ng mas marami pang utang—na magpapasa ng bayarin sa mga susunod na henerasyon!

HINDI SA PROP. 5: MAS MATAAS NA MGA BUWIS, MAS MATAAS NA MGA RENTA, MAS MATAAS NA MGA PRESYO

Ang mga bono ay hindi libreng pera. Tulad ng utang, mortgage, o utang sa credit card, ang mga bono ay kailangang bayaran—nang may interes. Ginagawa ng mga singil sa interes ang \$20 bilyong bono na isang \$30 bilyong buwis pagkatapos ng prinsipal at interes—at ang mga NAGBABAYAD NG BUWIS ang nagbabayad ng mga gastos na iyon sa pamamagitan ng mas mataas na mga buwis sa ari-arian.

Ang mas mataas na mga buwis sa ari-arian ay nangangahulugan ng mas mataas na bayad sa bahay para sa mga may-ari ng bahay, mas mataas na upa para sa mga nangungupahan, mas mataas na gastos sa mga magsasaka, at mas mataas na presyo para sa lahat ng binibili natin dahil ang mga lokal na negosyo ay kailangang ipasa ang kanilang mas mataas na buwis sa ari-arian sa mga mamimili.

HINDI SA PROP. 5: INILILIPAT ANG PASANIN NG ESTADO SA MGA LOKAL NA NAGBABAYAD NG BUWIS

Ang mga pulitiko sa Sacramento ay nagkalat sa kanilang maling pamamahala sa pananalapi at maaksayang paggasta, na ginawa ang \$100 bilyong surplus na isang \$73 bilyong kakulangan dahil sa hindi

matatag na paggastos. Ang Prop. 5 ay nagpapahintulot sa mga pulitiko na pagtakpan ang kanilang pagkakalat sa pamamagitan ng paglilipat ng mga gastos para sa mga programa ng estado patungo sa mga lokal na nagbabayad ng buwis. At ang Prop. 5 ay isinulat upang bigyang-kahulugan ang “imprastruktura” nang napakalawak na maaari nitong isama ang halos anumang bagay na gustong pondohan ng mga pulitiko at mga espesyal na interes sa likod ng mga nagbabayad ng buwis.

PROP. 5: MAG-INGAT SA MALILIIT NA LETRA

Ang mga pulitikong sumulat ng Prop. 5 ay palihim na naglagay ng probisyon na nakatago sa maliliit na letra na gagawin itong RETROAKTIBO—na nangangahulugan anumang bono na maipasa Nobyembre ng ito ay mangangailangan lamang ng mas mababang bilang ng boto upang maipasa. Karaniwan, kapag inaprubahan ng mga botante ang isang panukala sa balota, hindi ito nagiging batas hanggang sa matapos ang sertipikasyon ng mga resulta ng halalan. Sa pamamagitan ng paggawang retroaktibo ang Prop. 5, umaasa silang agarang papasanin ng mga nagbabayad ng buwis ang bilyon-bilyong bagong buwis at utang. Ibig sabihin, maaaring makita agad ng mga nagbabayad ng buwis ang biglang pagtaas ng kanilang mga buwis sa ari-arian.

HINDI SA PROP. 5: GAGAWIN NITONG MAS MAHAL ANG LAHAT NG BAGAY

Ang mga taga-California ay nahihirapan na sa pinakamataas na halaga ng pamumuhay sa bansa. Nagbabayad na tayo ng pinakamataas na buwis sa kita, pagbebenta, at gas sa bansa, at ang Prop. 5 ay hahantong sa mas mataas na buwis sa ari-arian at mas mataas na gastos para sa lahat. Ang mga may-ari ng bahay ay tatamaan ng mas mataas na buwis, ang mga nangungupahan ng mas mataas na upa, at ang mga mamimili ng mas mataas na presyo sa lahat ng bagay mula sa pagkain hanggang sa gasolina at mga utilidad hanggang sa mga serbisyo.

Gagawin ng PROP. 5 na mas mahal ang lahat ng bagay sa panahon na talagang hindi ito abot-kaya ng mga taga-California.

HINDI SA PROP. 5.

Robert Gutierrez, Pangulo

Asosasyon ng mga Nagbabayad ng Buwis ng California

Julian Canete, Pangulo

Hispanikong mga Kamara de Komersiyong ng California

Kendra Moss, Miyembro sa Pagpapayo

Alyansa ng mga Babaeng Beterano

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 5 ★

ANG OO SA PROP. 5 AY HINDI NAGPAPATAAS NG MGA BUWIS: Ang Prop. 5 ay simpleng naglilipat ng mga desisyon sa pampublikong patakaran at mga priyoridad sa paggastos palayo sa pamahalaan ng estado, na nagbibigay sa mga lokal na botante at nagbabayad ng buwis ng mas maraming kasangkapan at mas malaking awtonomiya upang tugunan ang mga isyu sa kanilang sariling mga komunidad. Hindi tulad ng mga panukalang bono sa buong estado, ang Prop. 5 ay nag-aatas na ang mga proyektong pinondohan ng mga lokal na nagbabayad ng buwis ay dapat na mapakinabangan ng mga lokal na nagbabayad ng buwis, at nagbibigay ng higit na kapangyarihan sa mga komunidad na pipiling gumamit ng Prop. 5 upang malutas ang mga tunay na problema.

ANG PROP. 5 AY HINDI ISANG BONO O ISANG BUWIS: Sa wakas ay binibigyan ng Prop. 5 ang mga lokal na komunidad ng karapatang pumili upang tugunan ang mga kritikal na pangangailangan sa imprastruktura kung sinusuportahan ito ng napakalaking mayorya ng mga lokal na botante. Kung ginagawa man nito na mas madali para sa mga unang beses na bibili ng bahay, mga nakatatanda, mga beterano, at mga pamilyang nagtatrabaho na makabili ng pabahay, o pag-aayos ng mga lokal na kalsada at tulay na inaasahan ng mga pamilya para sa ligtas na paglalakbay papunta at pabalik trabaho at paaralan, binibigyan ng Prop. 5 ng kapangyarihan ang mga lokal na botante na lutasin ang mga lokal na problema.

ANG PROP. 5 AY NANGANGAILANGAN NG MAS PINAIGTING NA PANANAGUTAN: Para sa mga komunidad na pipiling gamitin ang Prop. 5, ang mahigpit na mga proteksyon para sa mga nagbabayad ng buwis ay magiging mandatory, kabilang ang: • Isang listahan ng mga proyektong popondohan. • Mga limitasyon sa mga gastusing pampangasiwaan at mahigpit na mga patakaran laban sa salungatan ng interes. • Mga independiyenteng pagsusuri na ginawang pampubliko, at isang sinanay na komite ng lokal na mamamayan para sa pagbantay.

BUMOTO NG OO SA PROP. 5: Laging alam ng mga botante kung ano ang mga hamon na kinakaharap ng kanilang mga komunidad at kung paano pinakamahusay na tugunan ang mahahalagang isyu kabilang ang abot-kayang pabahay, mga sistema ng tubig, pagkukumpuni ng kalsada, mga istasyon ng bumbero, at iba pang mahahalagang pangangailangan sa imprastruktura. Ang Prop. 5 ay magbibigay ng kapangyarihan sa mga lokal na botante sa pagpili at mga kasangkapan upang malutas ang mga hamong iyon.

Daniel Parra, Pangulo

Liga ng mga Lungsod ng California

John Valencia, Pangulo

Kapisanan ng mga Nasa Gitnang Uri na Nagbabayad ng Buwis

Michelle Gutierrez Vo, Pangulo

Asosasyon ng mga Nars ng California